

PARA SA AGARANG PAGLABAS

## **Nase-secure ng Lungsod ng Brampton ang \$1.2M na pamumuhunan mula sa Pamahalaan ng Canada para makapagtanim ng 8,000 punong-kahoy sa taon na ito**

BRAMPTON, ON (Agosto 4, 2021) – Sa araw na ito, si Mayor Patrick Brown; Mga Konsehal ng Lungsod ng Brampton; at si Maninder Sidhu, Parliamentary Secretary to the Minister of International Development and Member of Parliament for Brampton East, sa ngalan ni Honourable Seamus O'Regan Jr., Minister of Natural Resources, ay nag-anunsyo ng \$1,280,000 na pamumuhunan para makita ang tinatayang 8,000 punong-kahoy na itanim sa Brampton sa taon na ito.

Ito ay para suportahan ang plano ng Pamahalaan ng Canada na magtanim ng dalawang bilyong punong-kahoy sa higit sa 10 taon, at sa bisyon ng Lungsod ng Brampton na magtanim ng Isang Milyong Punong-kahoy bago lumipas ang 2040.

Ang pamumuhunan ng Pamahalaan ng Canada ay aambag sa urban tree canopy ng Brampton. Itatanim ng Lungsod ang mga punong-kahoy na ito sa naturalization sites, sa kahabaan ng mga kalye, sa tableland trees sa mga parke, sa loob ng boulevards, at sa mga pananim ng komunidad. Ang programa sa pagtatanim ng Brampton ay tatanggal sa 35,500 toneladang greenhouse gas (GHG) higit sa 50 taon.

Bilang isang Green City, committed ang Brampton na mas pagagandahin ang urban forest nito bilang bahagi ng pagiging sustainable nito at sa mga pagsisikap sa klima. Ang pagtatanim ng Isang Milyong Punong-kahoy bago lumipas ang 2040 ay bahagi ng [Grow Green Environmental Master Plan \(EMP\)](#), [Urban Forest Management Plan \(UFMP\)](#), at ng Community Energy and Emissions Reduction Plan (CEERP) [ng Brampton](#).

Itinakda ng Konseho ng Lungsod ng Brampton ang Setyembre bilang Buwan ng Punong-kahoy ng Brampton! Ang taunang pagdiriwang na ito ay magpapaangat sa kamalayan ng kahalagahan ng mga punong-kahoy, magbigay-pugay sa mga pagsisikap at tagumpay ng Lungsod at komunidad tungo sa pagprotekta at pagpapaganda ng urban forest ng Brampton, bubuo sa civic engagement, lilikha ng nakakalusog at madaling nakakabangon sa klima na mga komunidad, magtataguyod ng pagkapaligirang pagtutulongan, at tutulong na makamit ang target ng Lungsod na isang milyong punong-kahoy. Malapit nang makikita ang mga detalye sa [www.brampton.ca/trees](http://www.brampton.ca/trees).

### **Mga Link**

- [Pagtatanim ng mga Punong-kahoy sa Brampton bilang Bahagi ng Dalawang Bilyong Punong-kahoy](#)

### **Mga Quote**

“Isang Green City ang Brampton at committed tayo sa pagprotekta sa ating mga punong-kahoy, pananim at espasyong luntian. Ang urban forest ay mahalagang parte ng ating komunidad, at malugod kong tinatanggap ang pondo na ito para makatulong sa pag-abot ng ating layunin ng pagtanim ng Isang Milyong Punong-kahoy sa Brampton bago lumipas ang 2040, at susuporta sa plano ng Pamahalaan ng Canada na magtanim ng dalawang bilyong punong-kahoy sa higit sa 10 taon.”

- *Patrick Brown, Mayor, Lungsod ng Brampton*

“Ang pamumuhunan ng Pamahalaan ng Canada sa urban forest ng Brampton ay direktang aambag sa ating mga layunin ng pagka-sustainable at klima. Maraming trabaho ang patuloy na ginagawa para matiyak na isang Green City ang Brampton, at ang mga punong-kahoy na ito ay gagawa ng kaibahan sa ating komunidad.”

- *Rowena Santos, Rehiyonal na Konsehal, Wards 1 at 5; Chair, Community Services, Lungsod ng Brampton*

“Dedicated ang staff ng Lungsod sa paghatid ng pamumuhunan sa Brampton. Malugod nating tinatanggap ang mahagalagang pamumuhunan ng Pamahalaan ng Canada sa ating lungsod. Kasama ang ating mga stakeholder, committed tayo sa pagbuo ng mas luntiang kinabukasan.”

- *David Barrick, Pinunong Administratibong Opisyal, Lungsod ng Brampton*

“Ang pagtanim ng mga punong-kahoy sa buong Canada, pati mismo dito sa Brampton, ay tutulong sa atin na makamit ang ating 2030 target sa klima at magkakamit ng net-zero emissions bago lumipas ang 2050. Ang inisyatiba sa dalawang bilyong punong-kahoy ay magbibigay sa mga residente ng Brampton ng mas malinis na hangin at pinalawak forest canopy para sa higit na lilim, pati na rin ng paglikha ng desenteng mga trabaho. Nananabik ako sa pamumuhunan na ito, dahil makakaapaketo din ito sa henerasyon na ito pati na rin sa mga henerasyong darating!”

- *Maninder Sidhu, Parliamentary Secretary sa Minister of International Development, Miyembro ng Parliament para sa Brampton East*

“Ang pagtanim ng dalawang bilyong punong-kahoy ay higit pa kaysa plano para sa aksyon sa klima. Ito ay isang plano para sa paglikha ng libo-libong mabuti, disenteng trabaho na nakakabuti sa kapaligiran. Isasagawa natin ang proyekto ng pagtanim ng punong-kahoy sa buong bansa. Ang pagtanim ng punong-kahoy ay maglalagay sa atin sa net-zero.”

- *The Honourable Seamus O’Regan Jr., Minister of Natural Resources*

-30-

**Bilang isa sa napakabilis na lumalaking lungsod sa Canada, ang Brampton ay tahanan ng 700,000 tao at 75,000 negosyo.** Ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin. Napapalakas tayo ng ating diverse na mga komunidad, hinihikayat natin ang pamumuhunan, at sinisimulan natin ang isang paglalakbay para pangunahan ang teknolohikal at pangkapaligirang inobasyon. Nakipag-partner tayo para sa pag-unlad upang magtayo ng isang nakalulusog na lungsod na ligtas, sustainable at matagumpay. Kumonekta sa amin sa [Twitter](#), [Facebook](#), at [Instagram](#). Alamin ang higit pa sa [www.brampton.ca](http://www.brampton.ca)

**MGA KONTAK NG MEDIA**

Prabhjot Kainth  
Coordinator, Media at Pakikilahok sa Komunidad  
Strategic na Komunikasyon  
Lungsod ng Brampton  
905-874-3426 | [Prabhjot.Kainth@brampton.ca](mailto:Prabhjot.Kainth@brampton.ca)

Ian Cameron  
Senior Communications Advisor  
Office of the Minister of Natural Resources  
613-447-3488 | [Ian.Cameron@canada.ca](mailto:Ian.Cameron@canada.ca)

Media Relations  
Natural Resources Canada  
Ottawa  
343-292-6100 | [NRCan.media.RNCan@canada.ca](mailto:NRCan.media.RNCan@canada.ca)